

18 Mayo 2025

Ika-5 Linggo ng Pasko ng Muling Pagkabuhay

Taon K

Kaisa ni Hesus Tungo sa Ganap na Pagbabago

Lahat tayo ay nangangarap ng isang bago't magandang mundo – isang mundong pinamumugaran ng katarungan, kaayusan, at pagkakaisa. Lahat ay nangangarap at nananalangin para sa isang mundo kung saan pinahahalagahan at sinusuportahan ng mga tao ang isa't isa bilang magkakapatid, at kung saan ang lahat ay handang magbahagi hindi lamang ng kagalakan kundi makiisa rin sa pasakit ng iba.

Ito rin ang pangarap ng Diyos. Magkakatotoo lamang ang gayong panaginip kung tayo ay buong pusong makikipagtulungan kay Hesus sa pamamagitan ng pagsasabuhay ng Kanyang utos na nagbibigay-buhay na PAG-IBIG. Ito ang nag-iisang “pormula” na makapagpapagaling at makapagpapabago sa ating daigdig. Pagyamanin nawa natin ang kautusang ito lalo na sa pagdiriwang na ito ng Sakramento ng Pag-ibig, ang Eukaristiya. Samahan natin si Hesus sa landas tungo sa ganap na pagbabago.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Bagong awit ay ialay sa ating Poong Maykapal. Tanang bansa'y nakinabang sa kanyang kapangyarihan. Aleluya, s'ya'y idangal!

(Salmo 98:1-2)

Pagbati

P– Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo!

B– Amen!

P– Ang pagpapala at kapayapaan mula sa Diyos na Ama natin at sa Panginoong Hesukristo nawa'y sumainyo.

B– At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P–Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang mag-

ing marapat tayong gumanap sa banal na paghahaing nagdudulot ng kapatawaran ng Maykapal. (Manahimik sandali.)

P–Panginoong Hesus, pinagbilinan mo ang iyong mga disipulo na magmahalan, ngunit nabigo kaming mamuhay ayon sa iyong utos. Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Panginoong Hesus, itinuro mo sa iyong mga disipulo na ang pag-ibig sa magkakapatid ay dapat na aming natatanging tanda, ngunit madalas naming sinasaktan ang aming kapwa, Kristo, kaawaan mo kami!

B–Kristo, kaawaan mo kami!

P–Panginoong Hesus, ang pag-ibig sa ating kapwa ang magiging mapagpasyang suliranin sa Huling Paghuhukom, ngunit madalas naming hindi pinansin ang iyong paalala. Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B– Amen!

Papuri

B– Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa

amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sa-pagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalangin Pambungad

P–Ama naming makapangyarihan, kaming mga tinubos ay tungkayan mo ngayon sa iyong kagandahang-loob upang sa pagsampalataya sa Anak mong si Kristo, makamtan ang kalayaan at pamana sa piling mo sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. **B**–Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa *Gw 14:21-27*
Sa pagtatapos nina Pablo at Bernabe sa kanilang misyonerong paglalakbay, bumuo sila ng mga pamayanan ng mga mananam-palataya at humirang ng mga mamumuno sa mga ito para sa kanilang maayos na paglago.

L–Pagbasa mula sa mga Gawa ng mga Apostol

Noong mga araw na iyon, nagbalik sina Pablo at Bernabe sa Listra, sa Iconio, at sa Antioquia ng Pisidia. Pinatatag nila ang kalooban ng mga alagad at pinagpayuhan na manatiling tapat sa panampalataya. “Magdaranas muna tayo ng maraming kapighatian bago makapasok sa kaharian ng Diyos,” turo nila sa kanila.

Sa bawat Simbahan, humirang sila ng matatandang mama-mahala, at matapos manalangin at mag-ayuno, ang mga ito’y itinagubilin nila sa Panginoon na kanilang pinananaligan.

Tinahak nila ang Pisidia, at nakarating ng Panfilia. Ipinangaral nila sa Perga ang salita ng Diyos, at pagkatapos ay bumaba sila sa Atalia. Mula roon, naglayag silang pabalik sa Antioquia. Dito sila nagsimula ng gawaing ginanap nila matapos

silang itagubilin sa pagkakalinga ng Diyos.

Pagdating doon, tinipon nila ang mga kaanib ng Simbahan at isinalaysay ang lahat ng ginawa ng Diyos sa pamamagitan nila, at kung paanong binuksan niya ang daan upang makapanam-palataya ang mga Hentil.

Ang Salita ng Diyos!
B–Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan *Awit 145*
B–Diyos ko at aking Hari, pupurihin kitang lagi!

R. M. Velez

Diyos ko at a-king Ha---ri,
pupu-----ri-hin kitang la----gii!

* Ang Panginoong D'yos ay puspos ng pag-ibig at lipos ng habag, banayad magalit, ang pag-ibig niya’y hindi kumukupas. Siya ay mabuti at kahit kanino’y hindi nagtatangi; sa kanyang nilikha, ang pagtingin niya ay mamamalagi. **B.**

* Magpupuring lahat sa iyo, O Poon, ang iyong nilalang; lahat mong nilikha ay pupurihin ka’t pasasalamatan. Babanggitin nilang tunay na dakila ang ‘yong kaharian, at ibabalitang tunay kang dakila’t makapangyarihan. **B.**

* Dakila mong gawa’y upang matalastas ng lahat ng tao, mababatid nila ang kadakilaan ng paghahari mo. Ang paghahari mo’y sadyang walang hanggan, hindi magbago. **B.**

Ikalawang Pagbasa

Pah 21:1-5a
Magiging palatandaan ng katuparan ng plano ng Diyos ang ganap na pakikiisa sa Diyos, pagkapawi ng mga pagdurusa, at magandang pagbabagong bunga ng Kanyang talino, katarungan, at pagmamahal.

L–Pagbasa mula sa Aklat ng Pahayag

Akong si Juan ay nakakita ng isang bagong langit at isang bagong lupa. Wala na ang dating langit at lupa; wala na rin

ang dagat. At nakita ko ang Banal na Lunsod, ang bagong Jerusalem, bumababang galing sa langit buhat sa Diyos, gaya ng babaing ikakasal, gayak na gayak sa pagsalubong sa lalaking mapapangasawa niya.

Narinig ko ang isang malakas na tinig mula sa trono, “Ngayon, ang tahanan ng Diyos ay nasa piling na ng mga tao! Mananahan siyang kasama nila, at sila’y magiging bayan niya. Makakapiling nila nang palagian ang Diyos at siya ang magiging Diyos nila. At papahirin niya ang kanilang mga luha. Wala nang kamatayan, dalamhati, pag-iyak, at sakit sapagkat lumipas na ang dating mga bagay.”

Pagkatapos ay sinabi ng nakaupo sa trono, “Ngayon, binabago ko ang lahat ng bagay!”

Ang Salita ng Diyos!
B–Salamat sa Diyos!

Aleluya *Jn 13:34*

B–Aleluya! Aleluya!
Bagong utos, ani Kristo, mag-ibigan sana kayo katulad ng pag-ibig ko. Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita *Jn 13:31-33* 34-35

Ilang oras bago niya inialay ang sarili sa Krus, mahigpit na itinagubilin ni Hesus sa kanyang mga disipulong magmahalang tulad ng pag-ibig niya sa kanila.

P–Sumainyo ang Panginoon!
B–At sumaiyo rin!

P–Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan
B–Papuri sa iyo, Panginoon!

Pagkaalis ni Judas mula sa Huling Hapunan, sinabi ni Hesus, “Ngayo’y mahahayag na ang karangalan ng Anak ng Tao; at mahahayag din ang karangalan ng Diyos sa pamamagitan niya. At kung mahayag na ang karangalan ng Diyos, ang Diyos naman ang maghahayag ng karangalan ng Anak, at gagawin niya ito agad.

Mga anak, kaunting panahon na lamang ninyo akong makakasama. Isang bagong utos ang ibinibigay ko sa inyo: Mag-ibigan kayo! Kung paanong

inibig ko kayo, gayon din naman, mag-ibigan kayo. Kung kayo’y mag-ibigan, makikilala ng lahat na kayo’y mga alagad ko.”

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B– Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P– Ang tapat at isinasabuhay na pag-ibig sa kapwa ang siyang marapat maging tatak ng ating mga pamayanan at ng bawat isa sa atin. Sapagkat ito’y hindi madaling gawin, buong tiwala nating hilingin ang tulong ng Panginoon:

B – Panginoon, turuan mo kaming magmahal!

* Nawa’y patuloy na itaguyod ng Simbahan ang pagmamahal ni Kristo sa lahat. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa’y mabigyang-inspirasyon tayo ng Santo Papa at ng lahat ng pinuno ng Simbahan na mamuhay nang naayon sa turo ni Kristo. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa’y ang ating mga pamanang Kristiyano ay malampasan

ang mga nangingibabaw na saloobin ng kawalang-malasakit, pagkamakasarily, at diwa ng paghihiganti. Manalangin tayo!

B.

* Nawa’y mapatawad natin ang mga nagkasala sa atin at hindi magtanim ng sama ng loob at maghanap ng paghihiganti. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa’y hindi tayo magkulang sa pagpapakita ng pagmamalasakit sa ating kapwa, lalo na sa mga maysakit, mahihirap, at mga nasa laylayan ng lipunan. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa ating lahat: upang sa pamamagitan ng paggawa, ang bawa’t isa ay makapag kamit ng tunay na tagumpay, at bawa’t pamilya ay maitaguyod sa dangal at ang lipunan ay lumago sa diwa ng tunay na pagkatao ayon sa kalooban ng Diyos. Manalangin tayo! **B.**

P – Panginoong Hesukristo, gawin mo kaming maawain, bukas-palad, at mapagpatawad, at sa gayo’y tumulad sa iyong Anak na isinilang, nabuhay, at namatay dahil sa pag-ibig sa amin, at ngayon ay patuloy na nagmamahal at nagmamalasakit magpakailanman.

B – Amen!



P– Manalangin kayo . . .

B– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P– Ama naming Lumikha, sa paghahain ng banal na pagpapalitan ng iyong mga kaloob at ng aming alay kami’y pinapagsasalo mo sa iyong buhay na namumukod-tangi at walang kapantay. Ipagkaloob mong ang aming pakikinabang sa iyong pakikisamang aming maaasahan ay siya ring umiral sa aming pamumuhay araw-araw sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen!

Prepasyo ng Pagkabuhay II

P – Sumainyo ang Panginoon!

B – At sumaiyo rin!

P – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

B – Itinaas na namin sa Panginoon!

P – Pasalamat natin ang Panginoong ating Diyos!

B – Marapat na siya ay pasalamat!

P – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatang ngayong ipinagdiriwang ang paghahain ng Mesiyas, ang maamong tupa na tumubos sa aming lahat.

Sa paghahain ng sariling buhay at sa pagkabuhay ng Anak mong mahal, nabuksang ganap ang iyong tahanan at kaming pinaghaharian mo’y naging kasambahay. Sa pagkamatay niya sa krus, nalupig ang kamatayan. Sa kanyang pagkabuhay, naging buhay siya ng tanan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B – Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B – Sa krus mo’t pagkabuhay kami’y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.



B – Ama namin . . .

P – Hinihiling namin . . .

B – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B – Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

P–Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
B– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Ako ang puno ng ubas, kayo’y aking sangang lahat. Ang manatiling matapat, magbubunga nang marapat. Aleluya sa Mesiyas!

Panalangin Pagkapakinabang

P–Ama naming mapagmahal, manatili kang kapiling ng iyong sambayanan na ngayo’y pinapa-

kinabang mo sa iyong sariling buhay, at gawin mong kami’y pasulong na makahakbang mula sa dati naming pagkamakasalanan patungo sa pagbabagong nagdulot ng iyong kabutihan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B–Amen!



P–Sumainyo ang Panginoon.

B–At sumaiyo rin!

P–Magsiyuko at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (Manahimik sandali.)

–Nawa’y bigyan kayo ng Panginoon ng katatagan at lakas upang mahalín ang inyong

kapwa bagama’t mahirap isagawa.

B–Amen!

P–Nawa’y maging mapagkakatiwalaang guro kayo ng pagmamahalan at kapatiran sa salita at sa gawa.

B–Amen!

P–Nawa’y ang inyong pakikilahok sa lipunan ay mag-ambag sa paglikha ng isang sibilisasyon na tigib ng pag-ibig.

B–Amen!

P–Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama at Anak at Espiritu Santo.

B–Amen!

P–Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalín at paglingkuran ang Panginoon.

B–Salamat sa Diyos!

BAGONG KAUTUSAN

Kalakbay at Katoto

Kahit luma na, bago pa rin ang utos na ito ni Hesus. Bago, sapagka’t hindi pa lubos na naisasagawa at naisasakatuparan.

Puno ng kataga ng pag-ibig ang ating lipunan . . . Subalit sa kabila nito ay nababalot pa rin ang daigdig ng kilabot, ng pagkamuhi, alitan, iba’t ibang uri at antas ng galit at poot.

Tunay na bago ang kautusang ito . . . hindi pa lubos na nasusubukan . . . hindi pa lubos na napatutunayan.

Mahirap ang magmahal . . . lalo na sa mga taong naging dahilan ng iyong paghihirap, mga taong naging sanhi ng iyong pagbagsak sa pagtingin ng kapwa. Mahirap ang magpatawad sa taong ni hindi man lamang tumatanggap sa kanilang pagkakamali.

Ngunit tuloy pa rin ang lahat ng uri ng kawalang pansin sa pagmamahal sa kapwa. Ito ang lumang balita. Ito ang lumang paksa kung saan umiikot ang lahat ng kwentong pang teleserye, o telenobela. Ngunit ito ay lumang tugtugin, lumang paksain, at lumang kwento. Nahirati na tayo sa pag-inog ng ganitong uri ng salaysay.

Ito ang dahilan kung bakit tama si Kristong Panginoon. Nagbibigay siya sa atin ng isang bagong kautusan . . . bago, hindi luma.

Isa sa mga dalang balita na kaakibat ng imahen ng Mesiyas ay ang pagpapanibago . . . ang pagdadala niya ng ganap na pagbabago. Sa Griyeo, *kainos* ang ginamit na salita, hindi *neos*. Ito ay may kinalaman sa isang uri ng pagpapanibagong taos at lubos, hindi

lamang pang-ibabaw at panglabas.

Panawagan ito sa ating mga tagasunod ni Kristo sa isang ganap na pagbabago ng pananaw. Kung ay buhay natin ay parang teleserye, tigib ng poot at nagpupuyos na damdamin, nabubuhay tayo sa lumang balita. Kung ang puso natin ay nababalot pa rin ng kagustuhang maghiganti, umiiral pa rin sa atin ang lumang kaayusan. Wala pa tayo sa bagong tipan. Malayo pa tayo sa pagpapanibagong dulot ng Mesiyas, na nagdusa, namatay, at muling nabuhay.

Marami nang poot ang umiiral sa daigdig. Hindi na natin siguro dapat dagdagan pa. Marami nang patayan at siraaan sa mundo nating ito. Hindi na tayo dapat makilahok pa. Simulan natin sa mga simpleng paraan. Baguhin natin ang takbo ng inaakalang “normal” ng lipunan. Kung normal ang makipag-gitgitan sa trapiko, baguhin natin ang ating taktika. Huwag tayong padala sa unahan at lamangan. Kung normal sa mundo ang siraaan ang kapwa upang tayo ay umangat at umasenso, huwag tayong padala sa agos. Baguhin natin ang ating pamamaraan. Kung ang lahat ay nagbebenta o bumibili ng boto, ibahin natin ang takbo ng ating isip. Gawin natin ang hindi ginagawa ng karamihan. Kung ang lahat ay nandadaya, ibahin din natin ang kilos natin.

Maging bago tayo sa mata ng Panginoon. Tanging ito lamang ang paraan para maisakatupan natin ang kanyang utos: “*Isang bagong kautusan ang kaloob ko sa inyo: magmahalan kayo sa isa’t isa, tulad ng pagmamahal ko sa inyo.*”



**WORD AND LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila


Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 8894-5401; 8475-8945 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word And Life Publications

• Editorial Team: Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, Fr. D. Duya, V. David, R. Molmog, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: R. Saldua



Protagonists OF THE CHRISTIANIZATION OF THE PHILIPPINES

Limited Edition



Available Now!!!
Word and Life Publications

P 2,500.00
(A Set of Four Books)

Word And Life Publications
Tel. Nos. (632) 8894-5401 • 8818-8636
8845-1792 • 0917-6295485
E-mail: wordandlifepublications@gmail.com

Click our
QR CODES
for our online shops at
Shopee and Lazada.

